

# Chapter One



Usad-pagong ang mga sasakyan sa kahabaan ng Ayala Avenue kaya nagpasya na lamang si Amber na bumaba sa jeepney at nilakad ang mataong kalsada patungo sa kabilang building. Malalaki ang hakbang niya para huwag ma-late sa meeting nila ni Mr. So. Bawat tunog ng stilettos niya, napapalingson ang mga tao sa paligid, lalo na ang mga kalalakihan. Sino ba ang hindi mapapalingson kapag nakakita ng babaeng may mahahabang legs at maumbok na puwitan? Iyon ang mga katangiang madalas kainggitan ng mga kaklase niya sa unibersidad na kanyang pinapasukan.

Muntik nang sumubsob ang mukha niya

sa puno ng palma sa gilid ng kalsada dahil sa pagkakatapilok. Sumuot kasi sa maliit na butas ang dulo ng takong niya.

Pagdating sa lobby ng *NGS Building*, ipinakita lang niya ang I.D. sa guard at pinahintulutan na siyang umakyat sa eighteenth floor kung saan naroon ang opisina ng kanyang amo. Kilala na siya ng mga guwardiya kaya malaya siyang nakakalabas-masok sa building.

“Sorry!” hingi ni Amber ng paumanhin sa lalaking nabangga niya.

Mukhang gulat na gulat ito pagkakita sa kanya. Kilala niya ang lalaki, si Zandro Gatchalian, matagal nang empleyado ni Mr. So. Ang dinig niya, noon pa ito humihingi ng promotion pero hindi nabibigyan ng tyansa dahil sa isang kaso sa opisina. Pero dahil likas na mabait ang amo, pinagbigyan pa rin itong magtrabaho sa kompanya.

Nilampasan na niya ito at dali-daling tinungo ang pakay.

Nakakatatlong beses nang kumatok si Amber sa private office ni Mr. So pero wala pa ring sumasagot kaya dahan-dahan niyang pinihit ang doorknob. Bumukas iyon.

Napakatahimik ng kuwarto at nakapatay pa

ang mga ilaw. Alam niyang kapag ganitong oras ay nasa office na ang amo kaya medyo kinabahan ang dalaga. Tatalikod na sana siya para lisanin na ang kuwartong iyon nang makarinig siya ng mahinang tinig. “Tutulungan mo ako, A-Amber..”



“Kumusta ang papa mo?” tanong ni Amber. Mabilis siyang tumayo mula sa upuan ng waiting area nang pumasok doon ang anak ni Mr. So.

Matagal na siyang naninilbihan sa may-edad na lalaki pero ni minsan ay hindi siya nagtanong tungkol sa personal nitong buhay. Hindi rin naman kasi palakuwento si Sir Sergio tungkol sa personal life nito kapag silang dalawa ang magkausap. Madalas na tungkol lang sa pag-aaral niya ang pinag-uusapan nila.

“Hindi ko alam kung bakit may lakas ka pa ng loob na magtanong niyan sa akin. Kapag pinaimbestigahan ang nangyari kay Papa, ikaw ang unang-unang lalabas na suspect. Ngayon, kaya mo bang ipaliwanag kung bakit ka nandoon sa office ni Papa nang ganoon kaaga?”

“Alam mo, mawawalan lang ng kuwenta ang paliwanag ko kasi ngayon pa lang, hinuhusgahan mo na ako,” hindi naitago ang sama ng loob na

sagot niya.

“Hindi kita hinuhusgahan, Miss, tinatanong lang kita. Hindi ka naman mukhang empleyada ni Papa, kaya ano’ng ginagawa mo sa opisina niya?”

“Sa pagkakaalam ko, magkaiba ang nagtatanong sa nangbibintang, at sa tono ng boses mo, malinaw na hindi ka lang nagtatanong. Hindi naman siguro ako tanga para iligtas pa siya kung totoong ako nga ang lumason sa kanya.” Umuusok na yata ang bumbunan niya dahil sa panggigigil sa lalaki. Ang sarap nitong ipatapon sa Mars.

“Paano mo nalaman na nalason ang papa ko?”

“Bumubula ang bibig ng tatay mo nang madatnan ko. Kung hindi iyon nalason, ano pala ang dahilan? Kumain ng sabon? O, hindi kaya... hinawaan mo ng rabies?” pang-aasar niya sa lalaki.

Halatang napikon ito dahil biglang namula ang mukha. “Akala mo ba nakakatulong ’yang pagpapatawa mo?”

“Tama! Wala nga pala akong naitutulong. Bakit nga ba nandito pa ako? Hindi naman pala ako nakakatulong!” Padabog na umalis si Amber ng waiting area at umuwi ng bahay.

“Himala, ang aga mo? Katapusan na ba ng mundo at umuwi ka nang maaga?” usisa ng

nanay niya na inabutan niyang nagbabalot ng mga ide-deliver nitong kakanin sa mga suki nito sa palengke.

“May mga tao kasing tinulungan mo na nga, sila pa ang malakas ang loob na manghusga.” Nakasimangot siya habang nagsasalita.

“Hayaan mo na, ganoon talaga minsan ang buhay. Bakit ka magpapaapekto kung alam mo naman sa sarili mong wala kang ginawang masama?”

Umakyat siya sa kanyang kuwarto at tinawagan ang kaibigan.

Matapos ikuwento ni Amber ang buong pangyayari kay Kate ay pinagtawanan lang siya ng huli.

“Parang gusto ko tuloy kuwestyunin ang sarili ko kung bakit naging best friend kita. Pinagtatawanan mo lang ako. Si Nanay naman, huwag daw akong magpapaapekto.”

“Sino naman kasi ang hindi matatawa sa ’yo? Masyado kang paranoid, Amber. Alalahanin mong buhay ’yong boss mo kaya siya mismo ang makakapagpatunay na wala kang ginawa kundi iligtas siya. Dapat nga magpasalamat pa sa ’yo ang buong pamilya niya. Aba, kung hindi ka pumunta

nang ganoon kaaga sa office niya, malamang pinaglalamayan na ang amo mo sa mga oras na 'to. Pero ang ipinagtataka ko lang, bakit nandoon ka sa opisina ng matandang iyon samantalang hindi naman araw ng duty mo doon?"

"Tinawagan niya kasi ako kahapon na may importante daw siyang sasabihin. Hindi ko nga maintindihan pero pakiramdam ko, napakahalaga n'on."



"Am-Am." Iyon ang tawag sa kanya ni Mang Oca. Kapit-bahay nila ang tricycle driver kaya halos ituring na rin niya itong tatay. "Kilala mo ba ang itim na kotseng kanina pa nakabuntot sa atin?"

Lumingon siya pagkatapos ay umiling.

"Kanina pa 'yan nakasunod simula doon sa binabaan mo ng jeep."

"Yaan n'yo na po, Tatang, baka isa lang po 'yan sa mga binasted ko na di maka-move on."

"Kaw talagang bata ka. Parang hindi kita kilala. Alam kong may-asawa na 'yong ex mong si Harry at kilala ko ang kotse noon."

"Ex-manliligaw ko lang po si Harry, 'Tang," paglilinaw niya sa driver na madalas siyang tuksuhin tungkol sa kanyang mga manliligaw.

“Naku, mag-iingat ka, anak, sa mga manliligaw mo dahil sa panahon ngayon, bihira na lang ang matinong lalaki. Mabibilang na lang sa daliri ang mga seryosong katulad ko.”

“Kaya po mahal na mahal kayo ni Nanay Loleng, eh.”

“Tunay at wagas din ang pag-ibig ko sa aking Lolita.” Madamdamin ang tono nito.

Inihatid siya ng matanda sa mismong tapat ng bahay nila at nang iabot niya rito ang pamasaha niya ay matigas na tumanggi ito.

“Naku, malulugi ho kayo niyan.”

“Hindi naman. At saka kaligayahan kong maihatid ka nang ligtas.” Noon pa man ay mabait na sa kanilang mag-ina ang mag-asawang kapitbahay, siguro dahil walang anak ang mga ito at katulad lang din nilang nabiyayaan ng suwerte kaya nakapagpatayo ng maliit na bahay sa village na iyon.



Naalimpungatan ang dalaga dahil sa malakas na tunog ng mobile phone niya. Ayaw niyong tumigil sa pag-ring kaya walang nagawa ang dalaga kundi abutin iyon.

“Hello—”

Nakinig siya sa sinabi ng nasa kabilang linya. Pagkatapos, basta na lang siya nitong binabaan. Nanggigigil na pinatay niya ang telepono sa inis.

Ilang minuto pa, nasa isang restaurant na siya kaharap ang caller kanina.

Pagkaupo na pagkaupo ng dalaga sa kaharap nitong silya ay agad niyang binungangaan ang lalaking kaharap. “So desidido ka talagang sampahan ako ng kaso? Alam mo, Mr. So, kung ako sa ’yo, mas mabuti kung iche-check ko muna ang mga CCTVs sa loob ng office ng ama mo. At saka kung magiging kriminal man ako, hindi ang isang katulad ng papa mo ang papatayin ko. Sobrang bait ng tatay mo na ewan ko ba kung bakit di mo man lang namana. Kung meron man akong gustong patayin, baka ikaw iyon, Mr. So.” Mariing tinitigan ng dalaga ang kausap.

“So kaya mo talagang kumitil ng buhay?” kalmadong tanong nito.

Sasagot sana si Amber pero pinigilan siya ng binata sa pamamagitan ng pagkumpas ng kamay. “Miss, puwede bang huminga ka muna? Ako ang hinihinal sa ginagawa mo. O, mag-shake ka muna.” Inabot nito sa kanya ang basong hawak nito.



Lihim na napangiti ang dalaga dahil paborito niya iyon, pero nung kang ipahalata niyang takam na takam na siyang inumin iyon.

“I’m here to say thank you and to apologize. Thank you for saving my dad’s life at sorry kung—”

“Sorry kung pinagbintangan mo akong mamamatay-tao? Well, para sabihin ko sa ’yo, Mr. So, you don’t look like you’re sorry!” Padabog na tumayo si Amber mula sa upuan. Sa malas ay na-out of balance siya kaya muntik nang sumubsob sa kandungan ng lalaki. Mabuti’t nakabawi siya bago pa iyon mangyari. Mabilis niya itong iniwan.

Ngunit hinabol siya ng lalaki hanggang labas.

“I’ll take you home, Amber. And please stop calling me ‘Mr. So.’ My name is Axell Ace. You can call me ‘Ace’ or ‘Axell,’ ’wag lang ‘Mr. So.’ Nagmumukha akong kaedad ni Papa.”

“Ano’ng ginagawa mo?” Kinunotan niya ito nang sumunod sa kanya.

“Sinusundan kita kasi nga ihahatid kita sa inyo.”

“Hindi ako lumpo. Kaya kong sumakay pauwi. At saka sino ba ang may sabi sa ’yong ihatid mo pa ako?”

“Ako. Gusto kitang ihatid, masama ba?”

“Okay, pagbibigyan kita, Mr. Axelle So, pero sa isang kondisyon—”

“Say it, Amber.” Kumabog ang dibdib niya nang binanggit ng lalaki ang kanyang pangalan. Bakit ang sarap yatang pakinggan niyon?

“Pagkahatid mo sa akin mamaya, ayoko nang makita ang pagmumukha mo!”

“Okay, deal.” Hindi siya sigurado, pero may nabasa siyang lungkot na gumuhit sa mga mata ng lalaki.

Kapwa walang imik ang dalawa habang nasa biyahe. Nagsalita lang si Amber nang nasa tapat na sila ng gate.

“Hindi ko na itatanong kung bakit alam mo kung saan ang bahay namin. Alam ko kasi na simula nang may mangyari sa papa mo, sinusundan mo na ako. Huwag mong itatanggi ’yan. Anyway, salamat sa paghahatid, and goodbye. Sana tumupad ka sa usapan,” padaskol na anang dalaga. Hindi sa nag-iinarte, ang pinakaayaw lang niya ay iyong pinagbibintangan siya.

Mabilis na pumasok ang dalaga sa maliit nilang bahay na nakatirik sa dulong bahagi ng *Doña Castiliana Village*. Lote lamang iyon nang ibigay ng mayamang matandang mag-asawa bilang pabuya

sa nanay niya na matagal na naging caregiver sa anak ng mga ito na may *Down Syndrome*. At dahil sa pagsusumikap ng kanyang ina, napatayuan iyon ng maliit na bungalow style na bahay. Ipinandagdag na rin ng nanay niya ang perang napagbentahan ng minanang maliit na lupain nila sa probinsya mula sa yumaong mga magulang.



“Anak, graduation mo na bukas. Hindi ka ba bibili ng isusuot mo? Huwag mong sabihin na ’yong sapatos mo na naman noong high school ang gagamitin mo? Aba, kahit daga, tatanggihan na ’yon.”

“May bago po akong sapatos, Nay. Take note, stiletto ’yon,” nakangiti niyang turan.

“Lakas, ah. Ang tanong, hindi ka kaya madapa pag iyon ang isinuot mo, ’nak?”

“Nasanay na ho.” *Kailangan hong masanay dahil iyon ang suot ko sa trabaho*, nais sana niyang idugtong.

“Buti naman kung gan’on. Sige na, mamamalengke muna ako. Oo nga pala, may tumawag kanina sa telepono mo, ‘Tito Sergio’ ang naka-register na pangalan. Sino ba ’yon, ha?”

“Ah, wala, ’Nay, may-ari lang ’yon ng shop na

pinagpatahian ko ng uniporme noong nakaraang buwan.”

“Ah, ganoon ba? Sige, tutuloy na ako.” Mabilis na lumabas ng bahay ang ina. Para itong may iniwasan.

Muling nag-ring ang telepono niya. “Yes, Tito, sige po pupunta na po ako,” sabi lang ni Amber.

Mabilis na nagbihis ng pang-alis ang dalaga, ripped jeans lang na ipinares sa itim na pang-itaas, saka mabilis na kinuha sa sabitan ang paborito niyang sombrero.

“Hi, Tito. Kumusta na po?” Nagmano ang dalaga kay Mr. So bago umupo sa kabilang upuan.

“After you saved me, heto, malakas na ulit. Thank you so much for that, hija. Utang ko ang buhay ko sa ’yo.”

“Tito naman, ako po ang may utang na loob sa ating dalawa. Malaking utang na loob.”

“Don’t mention it, hija. Anyway, kaya kita kinatagpo kasi may importanteng bagay akong sasabihin.”

Kinabahan si Amber dahil sa seryosong hitsura ni Mr. So. Dalawang bagay ang naglalaro sa isip niya: ititigil na nito ang pagtulong sa kanya o tatanggalin siya sa trabaho.

*'Wag naman po sana, dasal niya.*

“Amber, ang nangyari sa akin sa office ay hindi simpleng food poisoning mula sa pastang kinain ko nang umagang iyon. Sinadya iyon. Someone wanted to kill me, o baka tinatakot lang ako. Iisang tao lang naman ang kilala kong kayang gumawa niyon. Anyway, kaya kita kinatagpo ay para sabihan kang 'wag munang pumasok sa opisina hangga't hindi naayos ang problemang ito. Ayokong madamay ka. Tapusin mo na ang pagkain mo at umuwi ka na rin agad. Mauuna na ako. Mag-iingat ka.”

Lumabas na si Mr. So sa nasabing restaurant at pakiramdam ni Amber ay marami pa itong gustong sabihin. Hindi siya mapakali sa kinauupuan kaya tinawag na lang niya ang waitress at pinabalot ang pagkaing in-order ni Mr. So para sa kanya. Ramdam niyang nag-aalala ang may-edad na lalaki sa kanya.

Imbis na matakot para sa sarili, mas natatakot siya para sa kaligtasan ng matanda. Mabait ito sa kanya kaya naman sobrang apektado siya sa kalagayan nito. Wala siya ngayon sa kanyang kinalalagyan kung hindi sa malaking tulong ni Mr. So. Simula nang magkakilala sila ay itinuring

na siya nito bilang kapamilya kaya sa abot ng makakaya ay sinusuklian niya iyon.

“O, matamlay ka yata? Di ba dapat masaya ka kasi Graduation Day mo na bukas?” usisa ng ina nang makauwi siya.

“Wala ho. Naisip ko lang na magkakahiwalay na kami ng mga kaklase ko,” palusot niya.

“Ganoon talaga, anak. Dumadating at umaalis ang mga tao sa buhay natin, wala tayong magagawa kundi tanggapin ang mga pagbabago.”

# Chapter Two



**K**asalukuyang nasa entablado si Amber para tanggapin ang diploma niya nang pagtingin niya sa unahan ay isang pares ng mga matang matamang nakatitig sa kanya ang nasalubong ng paningin niya. Agad din itong yumuko nang mapansing nakatitig din siya rito.

*Ano naman kaya ang ginagawa ng Herodes na 'to dito?*

Dere-derecho na sana sa paglalakad palabas ng school si Amber pero may biglang sumagi sa balikat niya.

“Sa dinami-dami naman ng puwedeng banggain bakit kelangan ako pa, di ba? Nananadya ka ba, Mr. So? At saka di ba may kasunduan tayo?”

“Kasunduan? As far as I remember, hindi iyon valid, Miss Suarez, kasi wala naman tayong pinirmahang kontrata. O, ipinapabigay ni Papa sa ’yo. Happy graduation daw.” Tumalikod na si Axell at naiwang nakanganga si Amber.

*May saltik!* Gusto niyang sigawan ang lalaki. Tinawag na lang niya ang ina na abala pa sa pakikipagdaldalan sa kaibigan nitong may anak ding nagtapos sa kolehiyo. “Nay, tara na po!”

“S’an galing ’yan, ’nak?” puna nito sa bitbit niyang paperbag.

“Ah, ito po? Wala po. Sa isang kaibigan lang, ’Nay.”

“Kaibigan daw. Aysus! Nakita ko ’yon,” pabirong tukso ni Carina sa anak habang binubunggo ang balikat ng huli. “Anak, twenty-five ka na kaya puwede na ’yan. Nasa tamang edad ka na para sa pag-aasawa. Alam ko naman na hindi ka dadampot ng lalaking palamunin. Ikaw pa ba?” Kumindat pa ang nanay niya.

“Nagmamadali lang, ’Nay? Wala ngang boyfriend, asawa na agad iniisip n’yo.”

“Hindi naman sa nagmamadali. Nagpapaalala lang po,” malambing na tugon ng ginang.

Pagdating nila sa bahay ay agad niyang



binuksan ang regalong galing kay Mr. So.

*Hay... ang matandang 'yon talaga.*

Na-surprise pa rin ang dalaga nang buksan ang isang mahabang red velvet box. Isang infinity gold bracelet ang laman niyon. Agad niyang kinuha ang telepono at tinawagan si Mr. So upang magpasalamat.

Nakadalawang ring pa lang nang sagutin nito iyon.

“Hello, Tito! Thank you po sa gift, ha? Ano po? Wala kayong ipinadalang regalo? Eh kanino pala galing 'tong hawak ko ngayong bracelet? Okay po. 'Bye.”

Naguguluhang umupo si Amber sa maliit niyang kama. Hindi siya sanay na binibigyan ng regalo. Tanging si Mr. Sergio So lang kasi ang mapilit na mag-abot sa kanya ng kung anu-ano.



“Ibig sabihin kay Axell mismo galing ito? What for?” tanong ni Amber na nilingon ang kaibigan na nakahiga sa kama niya.

Ilang oras pa lang silang nakakarating sa bahay nang dumating naman ang dalaga. Nagtapos din ito kanina sa Masteral Degree nito. Matanda siya ng isang taon kay Kate pero mas nauna itong

nakapagtapos. Pagkatapos niya kasi ng high school ay hindi muna siya nagpatuloy ng college dahil nagkaroon ng malubhang karamdaman ang nanay niya. Iyon din ang dahilan kaya tumigil na ito sa pagiging caregiver. Bawal na kasi rito ang magbuhat ng mabigat dahil sa operasyon sa matris.

“Malay mo crush ka n’ong tao. O kaya regalo ang kapalit ng pagliligtas mo sa ama niya.”

“Hay naku, Kate, imposibleng mangyari ang bagay na iyon. Hitsura pa lang ng Axell na ’yon, mukhang makunat pa sa chewing gum.”

“Malay mo naman nagmana sa tatay na hindi kuripot.”

Magsasalita pa sana siya nang tumunog ang cellphone na nasa bulsa. Nag-excuse siya sa kaibigan at lumayo nang kaunti para sagutin ang tawag ni Mr. So.

“Kate, okay lang ba kung iwanan muna kita? May iaabot lang sa ’kin si Tito. Pumunta daw siya kanina sa school kaso di na niya ako naabutan.

“Okay lang. Sanay naman na ako,” biro ng kaibigan. “Mag-iingat ka,” dagdag pa nito.

“Kate, puwede bang ’wag na itong makakarating kay Nanay?”

“Promise!” Itinaas pa ni Kate ang kanang

kamay bilang tanda na sinsero ito.

Pagdating ni Amber sa sinabing restaurant ni Mr. So na malapit lang sa village nila ay agad niya itong nakita. Nilapitan niya ang lalaki.

“Hi Tito! Kumusta po?”

“Please take a seat, hija. Ito nga pala ang gift ko sa ’yo. Pagpasensyahan mo na at hindi ako umabot sa graduation rites mo.”

“Nag-abala pa po kayo. Ang pagpapaaral mo po sa akin ay sobrang regalo na. At saka okay lang po kung hindi kayo umabot, ayoko nang magsinungaling na naman kay Nanay kapag nagtanong siya ng tungkol sa ’yo.”

“Hija...” Hindi naituloy ni Mr. So ang sasabihin. Nagdadalawang-isip ito. Sa bandang huli ay pinili na lamang nito na manahimik.

Ang pagkaligalig ng lalaki ay hindi nakaligtas kay Amber. “Tito, okay lang po kayo?”

“Yes, hija, okay lang ako. Anyway, ano’ng gusto mong kainin?”

“Busog pa po ako. Nagkataon kasing kakatapos lang naming kumain sa bahay n’ung tumawag kayo,” aniya.

Ilang sandali pa silang nag-usap bago nagpaalaman.

“Mag-iingat ka, hija.” Malungkot si Mr. So habang tinatanaw na papalayong dalaga.



Pagkaalis ni Kate sa bahay ay agad din siyang pumasok ng kuwarto. Dumapa siya sa kama at binuksan ang sobre na inabot kanina ni Mr. So. Nahuhulaan niya na pera ang laman noon.

“Oh, my God! I can’t believe it! Woohhhh! Thank God! Thanks to Mr. So. Yes!”

Halos malaglag ang panga ni Amber nang biglang bumukas ang pinto ng kuwarto niya at iniluwa ang nanay niyang takang-taka. Kung hindi pa ito dumating, baka nagiba na ang kama sa katatalon niya.

“Ano’ng ganap, anak? May sunog ba?”

“Ah wala, ’Nay. ’Yong kuwan... kasi ’yong butiki, biglang nahulog sa kama ko.” Pasimple niyang isinuksok sa bulsa ng pantalon ang pera na hawak kanina at tinapakan ang sobrengh nasa kama.

“Amber, okay ka lang? Kelan ka pa natakot sa butiki? Eh, hilig mo ngang pagtripang hulihin ang mga ’yon. Di ba, sa bubwit ka takot?”

“Hindi, ’Nay, takot po talaga ako sa butiki.” Namumutla na ang dalaga sa ginawa niyang kasinungalingan. “Sige po, magbabanyo lang po

ako.” Pagkalabas ng ina sa kuwarto, dinukot ni Amber ang pera mula sa bulsa. Tinitigan niya ulit iyon. Sa pagkakataong iyon, tinakpan na niya ang bibig at baka hindi na naman niya iyon marendahan.

*Paano nalaman ni Mr. So na ito ang matagal ko nang kailangan? Mukhang malapit ko nang matupad ang pangarap ko. Nangingiting hinalik-halikan niya ang sobre.*



Hating-gabi na pero dilat na dilat pa rin ang mga mata ni Amber. Hindi siya dalawin ng antok dahil sa kaiisip. Handa na ba siyang gawin ang isang hakbang na matagal niyang hinintay na maisakatuparan? Alam ng dalaga na hindi ganoon kadali gawin ang bagay na iyon. Pero kelangan niyang sundin ang ibinubulong ng puso, tagumpay o kabiguan man ang maging kapalit niyon. Para sa dalaga, failure ang sundin ang nais ng kanyang puso. Gayunpaman alam niyang labag ang gagawin niyang desisyon sa kagustuhan ng kanyang ina.



“Nay, aalis nga po pala ako bukas. May seminar kasing pupuntahan si Mr. So at gusto niyang

kasama ako at ang isa niyang anak para daw may tutulong sa kanya pagdating sa paperworks.” *Lord, forgive me*, lihim na dasal ng dalaga.

“Gaano ka katagal doon, anak?”

“One week lang po siguro. Pero pag lumampas po, tatawag na lang ako. Mami-miss kita, Nanay.”

“Sino ba ang hindi? First time nating magkakalayo. Hindi ako sanay. Pero matagal ko nang naihanda ang sarili ko na darating tayo sa ganitong punto. Basta mag-iingat ka, ha?”

“Ikaw po ang mag-ingat, ’Nay. Mag-isa ka lang dito. Gusto n’yo po pasamahan ko kayo kay Kate?”

“Wag na, anak. Aabalahan mo pa ’yon. Para namang makakatulog ’yon sa hindi airconditioned na silid.”

“Kapag ako ang humingi ng pabor kay Kate, walang hindi kayang gawin ang isang iyon. Alam mo naman na kulang na lang ay magpaampon ’yon sa ’yo para magkapatid na kami.

“Masuwerte ka sa pagkakaroon ng kaibigang katulad niya, ’nak.”

“Sobra pa sa masuwerte. Pero alam mo, ’Nay, kung saan ako pinakamasuwerte? Iyong ikaw ang nanay ko.” Saglit siyang tumigil sa paghahalo ng kape at lumingon sa ginang.

Mabilis naman itong lumapit sa kanya at mahigpit siyang niyakap. “At alam mo rin bang ako ang pinakamaswerteng ina dahil may anak akong mabait, responsable, at mapagmahal sa kapwa? Mahal na mahal kita, Amber.” Namalisbis ang luha nito sa pisngi bago pa man bumitaw sa kanya.



Kanina pa pabalik-balik si Axell sa kuwarto niya. Ilang beses na rin niyang inihilamos ang kaliwang kamay sa mukha.

“F\*ck! I know this is not me.”

Bakit niya nga ba binigyan ng graduation gift ang babaeng iyon? Hindi niya ugaling magbigay ng regalo sa babae maliban na lang sa kanyang lola, kay Dyna at sa nanay niya noong nabubuhay pa ito. Ang mga ito lang ang tanging babaeng mahalaga sa kanya at wala nang iba pa.

At nagawa pa niya talagang magsinungaling sa harap ng babaeng iyon. Siyempre thankful si Axell na nailigtas nito ang papa niya mula sa kamatayan, pero hindi sapat na dahilan iyon para bigyan niya ito ng mamahaling regalo.

*The hell I care about her graduation.*

Naiinis na sa sarili si Axell. Bakit ba kasi palagi na lang magkasalungat ang sinasabi ng puso at

isip niya?

“*Aminin mo na kasing in love ka sa babaeng iyon, dude!*” pang-aasar ng kaibigan niyang si Leon nang maikuwento niya rito ang pinoproblema niya.

Halos maduwal siya pagkaalala sa tinuran nito. Siya? In love? Hell, no!

Agad siyang nagbihis at bumaba ng bahay.

“O, saan ang punta mo, hijo? Gabi na, ah!” tanong ni Doña Esmeralda sa apo na basta na lang hinablot ang susi ng sasakyan mula sa pagkakasabit.

Hindi sumagot ang binata paano’y okupado ng dalaga ang isip niya.

“Gio, ano’ng nangyayari sa lalaki kong apo? Gumagamit ba ng ipinagbabawal na gamot ang anak mo, ha?”

“Mama, don’t say bad words. Alam na alam natin na matino si Axell.”

“Matino ba iyong basta na lang akong nilampasan? Na parang hindi ako nakita?”

“Hayaan mo na. Ganoon talaga ang mga kabataan sa panahon ngayon, they are hard to understand. Magugulo sila.”

“Hindi kaya puso niya ang magulo?” anang matandang babae.



“Well, malalaman natin ’yan, Mama, sa tamang panahon.”



“Hi, handsome, would you like some drinks?” tanong ng isang seksing babae kay Axell.

Sa hula niya, hindi ito waitress dahil hindi ito nakasuot ng *El Fuego Bar* uniform na pag-aari niya at ng kapatid na si Dyna.

“Thank you, Miss, pero may sapat akong pera para bilhin ang pinakamasarap na alak sa bar na ’to. Thank you.”

“Ang sungit naman. How about a bed warmer? Huh? I think you really need it, sexy!” May kasamang panggigigil ang bawat haplos ng dalaga sa dibdib ni Axell. Habang ang mga labi naman nito ay gumagapang sa kanyang tainga. “Let’s go somewhere, Mr. Macho. I promise that I will make the night hotter than you expected,” bulong nito sabay kagat sa earlobe niya. Pero sa halip na mag-init ay nairita lang siya.

“Will you please leave me alone? Damn it!” bulyaw ng binata.

“Wow! First time yatang may tumanggi sa akin. Pero sorry ka, mister, kasi ipinanganak akong hindi marunong sumuko.” Biglang kumandong

ang babae paharap kay Axell at binigyan siya ng marubrob na halik. Nagulat siya sa ginawa ng babae.

“Sogusto mo ng laro? Gusto mong makipaglaro, di ba? Come, ipapatikim ko sa ’yo ang hinahanap mo!” Biglang tumayo ang binata at kung hindi nakakapit sa leeg niya ang babae ay baka bumagsak na ito sa sahig.

Hinila niya ang estranghera patungo sa isang bakanteng silid ng bar. Alam ng binata na mali na pumasok siya sa kuwartong iyon. *Bukas na lang ako magpapaliwanag kay Dyna*, sabi niya sa sarili.

“C’mon! What are you waiting for? Paligayahin mo na ’ko!” Sa sinabing iyon ni Axell, biglang lumapit ang babae at mataman siyang tinitigan na parang nagdadalawang-isip pa.

*Nasaan na ang babaeng parang hayok sa sex kani-kanina lang? Takot naman pala*, naiiritang aniya sa sarili.

“Sorry for using you. Thank you anyway. I’m Vina.” Hinalikan ulit siya ng babae pero sa pisngi na lang.

“Using me? For what?” naguguluhang tanong ni Axell sa babae.

“Gusto ko nang umuwi kanina pa pero

kailangan ko ng kasabay,” nahihiyang wika ng dalaga.

“Come, isasabay na kita. Tatal pauwi na naman ako,” magiliw na alok ng lalaki. Magkasabay nilang tinungo ang kanyang kotse. “So sino’ng pinagtataguan mo kanina sa bar? Huhulaan ko, boyfriend?”

“An a\*shole idiot ex who can’t move on.” Napabuntong-hininga ito.

“Whoah! What a description!”

“At baliw rin. I met him two years ago when I attended a wedding. Sobrang sweet pa niya noong una pero habang tumatagal ang relationship namin, unti-unti siyang nagbago. At higit sa lahat, nananakit siya at suicidal din kaya nahirapan akong kumawala sa kanya.

“Gusto mong ipatumba?” biro ni Axell sa dalaga.

“No need. It’s just a waste of time. Titigil din iyon kapag nagsawa na. He and his bloated ego couldn’t accept the fact that everything between us is over.”

“Napansin ko, kanina pa tayo nag-uusap, pero hindi pa ako nagpapakilala sa ’yo. I’m Axell.”

“Siguro guwapo at maganda ang mga magulang

mo.”

“Parang sinasabi mo nang guwapo ako niyan.”

“Totoo naman talaga,” namumulang sagot ni Vina na sinundan ng hagiggik. Para itong teenager na first time makaharap ang crush.

# Chapter Three



lang saglit pa ay nagsalita na ulit si Vina.

“Here we are. Thank you so much, Mr. Handsome, ’till we see each other again.” She winked at him and turned her back. Pero muli itong humarap at may inabot. “Eto nga pala ang calling card ko.”

“Ingat!” pahabol ni Axell.



“Huhulaan ko, hindi alam ni Tita Carina kung saan talaga ang punta mo ’no? Wow naman, Amber, pagdating talaga diyan sa misyon mo sa buhay, nagagawa mong magsinungaling kay Tita.”

“At least, may isang tao akong pinagsabihan

kung ano ang totoo. At ikaw 'yon, Kate.”

“Dapat ba akong magpasalamat? Matutuwa lang ako kung sasabihin mo ang lahat sa nanay mo. Anyway, mag-iingat ka d'on. Ang layo pa naman n'on sa Pilipinas. Kung puwede nga lang, sasamahan kita, eh.”

“Don't worry, tutulongan ako ni Mr. So. Kahit nandoon na daw ako ay imo-monitor pa rin niya ako.”

“Masaya ako para sa 'yo, Amber. Sana magtagumpay ka sa pagpunta mo doon. Pero sa susunod, ayoko nang maglilihim ka pa kay Tita.”

“Promise, last na 'to. Thank you, Kate.”

Pagdating ni Amber sa bahay ay agad niyang tinawagan ang taong tatlong araw na niyang pinag-isipan kung dapat niya pa bang kontakin.

“Hello.” Isang baritonong boses ang naringgan niya mula sa kabilang linya.

“Si Axell So ba 'to?”

“Yes, ako nga 'to. Ikaw, sino ka ba?” naguguluhang tanong ng binata. Bukod kasi sa pamilya ay walang ibang nakakaalam sa personal number nito.

“Ah, this is Amber. Natatandaan n'yo pa po ba ako?”

“Of course I do remember you.” *Who am I to forget such a beautiful face?* nais idugtong ni Axell pero siyempre, pinigilan niya ang sarili.

“How may I help you, Miss Suarez?” Sinubukan ni Axell na hindi mahalata sa boses kung gaano niya pinanabikan na marinig ang tinig ng dalaga.

“Tumawag lang ako just to say thank you for the gift. Hindi ka na sana nag-abala pa, Mr. So.”

*Bistado ka na, Axell!* pang-aasar ng isang bahagi ng kanyang utak.

Lumipas ang ilang segundo bago siya nakapagsalita ulit. “You are welcome, Miss Suarez. Isipin mo na lang na ibinigay ko iyon bilang pasasalamat sa pagliligtas mo sa papa ko.”

*Bravo! Bravo, Axell!*

It was an achievement for him that he was able to deny his real intention.



“Hey, Kuya! What’s up?! Ano’ng ibig sabihin ng CCTV footage noong nakaraang gabi?” nakataas ang kilay na tanong ni Dyna sa kanya.

“None of your business, young lady.”

“Wow! That’s my business because I’m one of the owners of *El Fuego!*

“At ako ang co-owner mo, remember?”

Inakbayan ni Axell ang kapatid na nasa mood yata ng pagtataray.

“Kahit na. It’s not an excuse na gumawa ka ng kababalaghan sa loob ng private room ko. Pero in fairness, hah. Mahubog ang katawan ng babaeng kalampungan mo. So siya na ba?”

“From reprimanding to matchmaking? Well, she’s beautiful pero hindi katulad niya ang tipo ko. At saka wala kaming ginawang masama sa kuwarta mo ha! Nagkataon lang na kinailangan niya ang tulong ko.

“Okay. Pero, Kuya, kapag kailangan mo na ng lovelife, sabihin mo lang at may irereto ako sa ’yo.”

“Naku, tigilan mo ako, Dyna!” Mabilis na umiwas ang kapatid niya nang batuhin niya ito ng throw pillow.



Nanginginig ang mga kamay ni Amber habang papasok siya sa *Ninoy Aquino International Airport Terminal 3*.

*Kaya ko 'to.* Amber sighed. This is it.

“Miss, are you alright?” tanong ng lalaking katabi niya. Hula niya, hindi ito pure Pinoy base sa paraan ng pananalita nito at sa hitsura. Guwapo ang lalaki.



“Yeah. I’m fine, thank you for asking. You know it’s my first time to—”

“I understand. By the way, I’m Leon.” Inabot nito ang kanang kamay sa kanya.

“Amber. It’s nice to meet you, Leon.”

Nagpasalamat siya sa concern nito at nagpaalam na. Tumalikod siya at muling naglakad.

Napabuntong-hininga ang dalaga. Magkahalo ang nararamdaman ni Amber. Halos buong buhay din niyang hinintay ang ganitong pagkakakataon na makaharap niya ang isang taong kay tagal niyang pinangarap na makapiling at makita sa personal. Ang taong matagal na ipinagdamot ng ina na makapiling niya. Ang taong palihim niyang sinisilip ang larawan sa kahon na pinagtaguan ng nanay niya ng mga lumang litrato nito.

*This is really it. Wala nang urungan. Kaya ko na nga ba siyang harapin? Kaya ko na ba siyang kausapin?* di-maiwasang tanong niya sa sarili.

Sa sobrang kaba at excitement, noon lang napansin ni Amber na nakabuntot pa rin sa kanya ang lalaking nakilala. Nilingon niya ito nang may pagtataka.

Tila nabasa naman ng lalaki ang laman ng isip niya, nagpaliwanag ito. “I’m sorry but I think

I need to formally introduce myself to you. I'm Leon Monteciano, your bodyguard and tour guide. Mr. So hired me to do the task. Ikinagagalak kong paglingkuran ka." Yumukod pa ang lalaki sa harapan niya. Marunong naman pala itong mag-Tagalog, pinahirapan pa siya!

"You know what? Hindi ako dapat magtiwala sa 'yo. Hanggang dito ba naman sa ibang bansa naglipana ang mga manlolo?"

Bago pa madugtungan ni Amber ang sasabihin ay inabot sa kanya ng lalaki ang isang I.D. at nakasulat doon kung saang agency ito sa Pilipinas nagtatrabaho.

Kahit nagdadalawang-isip, sumama na rin si Amber sa lalaki nang kunin nito ang bagahe niya at lumakad patungo sa pilahan ng mga taxi.



"What?! Magsasama tayo sa iisang kuwarto?" eksaheradang tanong niya sa lalaki.

"Amber... I mean, Miss Suarez, may I remind you that I am here for my job at iyon ay ang bantayan ka tulad nang mahigpit na habilin ni Tito Sergio. Whether you like it or not, we will stay in one room. Saka ka na magreklamo kay Tito kapag nakauwi na tayo ng Pilipinas. And one more thing,

'wag na 'wag mo 'kong chachansingan."

"Huh? Ako pa talaga? Baka ikaw ang dapat magsabi niyan sa sarili mo." Padabog na naglakad si Amber patungo sa sarili niyang kama.

Bakit ba kasi kailangan pa nilang mag-share ng kuwarto? Sobrang mahal ba talaga ng mga kuwarto doon?

"Wag ka nang bumulong diyan. Matulog ka na at maaga pa tayong aalis bukas. According to my research, medyo may kalayuan pa dito ang bahay ng biological dad mo.

"Thank you, Leon. Sorry kung sinusungitan kita."

"Okay lang 'yon, sanay na akong sinusungitan ng mga kabaro mo," kalmadong anito.

"Lagi ka bang ganyan?"

"Ang alin?"

"Yong ganyan na lagi lang kalmado."

"Sa nature ng work ko, yes, it is necessary. But of course, may time rin na nakakapagod lalo na kapag ang binabantayan ko eh mas makulit pa sa sanggol."

"Sorry. Simula ngayon, magiging mabait at masunurin na ako sa 'yo."

"That's exactly what I am expecting from you.

Axell is right.”

Napakunot-noo si Amber. “Bakit? Ano ba’ng sinabi sa ’yo ng lalaking iyon?”

“Mag-ingat daw ako at may pagkasuplada ka raw, pero masunurin naman.”

“So pinagtsismisan n’yo na pala ako?”

“Hindi naman. Binigyan lang niya ako ng konting impormasyon tungkol sa ’yo. Pero parang may iba akong naramdaman n’ung nagkukuwento siya. I think he’s in love.” May pilyong ngiti na lumitaw sa mga labi ng kaharap.

“Naku! Tigilan mo nga ako, Leon, diyan sa mga pinagsasabi mo. Focus ka na lang sa pagiging bodyguard. Huwag mo nang pasukin ang pagiging manghuhula. Mabait lang ’yong tao sa akin dahil sa tatay niya.”

“Goodnight, Amber. And trust me.” Makahulugan ang pagkakabigkas nito sa huling sinabi.

“Goodnight, too,” mahinang sagot ng dalaga saka inihimlay ang sarili sa kama. Nakadipa pa siya habang titig na titig sa kisame. Bakit may parte yata ng utak niya na gustong maniwala sa mga sinabi ni Leon? Dahan-dahan niyang kinapa ang tapat ng puso at tama siya ng hinala; mabilis

ang tibok niyon.



“Axell, apo, aba’y hindi ka ba napapagod sa kakabalik-balik mo? Ako ang nahihilo sa ’yo. May problema ba?”

“Wala naman, ’La. May iniisip lang ako.”

“Iniisip mo ba ’yong personal assistant ng papa mo?” May ngiting nanunukso ang matanda.

“La! How did you know her? Di ba, bagong hired lang iyon ni Papa?”

“Hay naku, Axell, palibhasa bihira ka dito sa bansa kaya hindi mo alam na matagal nang tauhan ng iyong ama si Amber. Alam mo bang napakabait ng batang iyon? Palagay ko, katulad niyang babae ang nababagay sa ’yo.”

“Matchmaker ka na pala, Lola. Okay, para matigil na po kayo, yes, nararamdaman ko po na mabait ’yon pero wala po akong gusto d’on kasi—”  
*Mahal ko na siya.*

Biglang nag-ring ang cellphone niya kaya nagpaalam muna siya sa abuela at nagtungo sa veranda.



Kinabukasan, maagang nagising si Amber para

ihanda ang sarili sa lakad nila sa araw na iyon. Mas nauna siyang bumangon kay Leon. Mahimbing pa itong natutulog nang sulyapan niya sa kabilang kama. Naghilamos lang siya at bumaba na para bumili ng maaalmusal nilang dalawa.

Eksaktong alas ocho ng umaga sila nakaalis. Kahit air-conditioned ang kotseng nirentahan nila, namamawis pa rin si Amber.

“Are you okay?” lingon sa kanya ni Leon. Ang bilis nitong makaramdam na hindi siya okay. Marahan nitong ginagap ang kamay niya habang nakatingin sa kalsada. “Huwag kang kabahan. Anuman ang maging resulta ng lakad natin ngayon, nandito lang ako para suportahan ka.”

“Salamat, Leon.”

Almost forty-five minutes ang nilakbay nila bago sila pumasok sa isang exclusive subdivision. May ipinakita lang na I.D. si Leon sa guard at pinapasok agad sila.

Isang nasa late fifties na babae ang sumalubong sa kanila na kung hindi siya nagkakamali ay ang asawa ng tunay niyang ama. Matangkad ang babae at may pinong kulot na buhok.

“Good morning, Ma’am, we’re looking for Mr. Adjman Faraji.”

“Yeah, he is waiting for you. He’s in the office.”  
Lumakad na ang babae at pinasunod sila patungo sa tinutukoy nito.

“Good morning, Sir.” Nauna nang binati ni Leon ang sadya nilang lalaki. Marahil naramdaman ng kasama na kinakabahan pa rin siya.

“Oh, hi, good morning, too. Have a seat, guys.”  
Tinawagan ito kagabi ni Leon para ipaalam ang tungkol sa kanilang pagdating ngayong araw.

Kinakabahang umupo si Amber habang si Leon naman ay nakatayo lang sa may likuran niya. “Excuse me for a while. I just need to go to the comfort room,” paalam ng bodyguard kuno niya na alam niyang nagpalusot lang para bigyan sila ng privacy ni Mr. Faraji.

Pagkalabas ni Leon, saka naman inilapag ni Amber ang litrato ng kanyang ina sa table ni Mr. Faraji. “Do you know her?” kabado niyang tanong sa lalaki.

Dahan-dahan nitong inabot ang larawan at pinakatitigan.

“Carina Suarez,” bulong nito pero malinaw iyong nakarating sa pandinig ng dalaga. “She’s my best friend and my first love, but I knew she was secretly in love with someone else that time. I came

back here with a broken heart, you know. Let's not talk about it, anyway. That was just part of my past, I'm happy now with my family."

"Carina Suarez is my mom and I'm your daughter, Sir." Ramdam niya ang pagkabasag ng boses. "Why? Why did you leave us?" Hindi niya mapigilang maging emosyonal sa lalaking hanggang ngayon ay estranghero pa rin sa kanya.

"I can't understand you. There's no intimate act that happened between me and your mom, and she did not inform me about her pregnancy. She just left me. I'm sorry if you believe that I am your father. I know you're still in doubt. We can go to the hospital and have a DNA test to make things clearer."

Hindi na nakuhang magsalita pa ni Amber. Bigla na lang siyang tumakbo palabas at tuluy-tuloy na pumasok sa kotseng sinakyan nila kanina. Agad siyang niyakap ni Leon na naghihintay lang pala roon. "It's okay... It's okay, Amber—"

"Paano niya nakuhang itanggi na anak niya ako, Leon? Bakit? Dahil ba hindi kami magkamukha? Dahil magkaiba ang kulay ng balat namin at magkaiba ang hibla ng buhok namin?" Patuloy pa rin ang kanyang pag-iyak.



Mugto na ang mga mata ng dalaga bago pa sila makarating sa hotel na kanilang tinutuluyan.

Maghapon siyang nagmukmok sa kuwarto. Ni hindi na niya makuhang magtanghalian kahit anong pilit ni Leon sa kanya.

“Walang mangyayari kung ganyan ka, Amber. Hindi mo siya ama, period! Accept it and move on! Gan'on lang kadali—”

“Madali lang sa 'yo, Leon, kasi hindi ikaw ang umasa. Hindi ikaw ang nangarap na balang araw ay makilala mo ang iyong ama na matagal mong hinintay. Pinaghirapan ko 'to! Pinagtrabahuan ko para lang mapagbigyan ang sarili ko. Hindi ko hinintay na ang nanay ko ang magpakilala sa tunay kong ama kasi alam ko namang wala siyang balak na gawin iyon. Masama bang mangarap na makilala at mayakap ko ang tatay ko? Ngayon sabihin mo, Leon, madali lang ba ito? Palibhasa hindi mo 'to naranasan kasi hindi ka namulat sa wasak na pamilya!”

“You have no idea about me.” May nasilip siyang lungkot sa mga mata ng kausap habang nagsasalita ito.

“May three days pa tayong natitira dito, sayang naman kung magmumukmok lang tayo dito sa

kuwarto. Magbihis ka na at sa labas tayo magdinner.”

“Ikaw na lang, Leon. Okay lang ako dito.”

“Amber! Tama na ang drama ha? Move on! At ngayon mo uumpisahan ang pagmo-move on. Bumangon ka na diyan!” Nilapitan siya ng lalaki at hinila.

# Chapter Four



“This is my favorite place here in Nairobi, 'tong resto na 'to mismo. Look at the people around. 'Yong paraan ng pagsasayaw nila, mararamdaman mo talagang masaya sila kahit simple lang ang buhay nila. They are appreciating life in a very simple way.”

“Ang gagaling nga nilang mag-Belly Dancing, 'no? Alam mo bang pangarap kong matuto niyan noon?” Bumabalik na ulit ang dating sigla ni Amber.

“Yon naman pala, eh. Why don't you join them? I will watch you.” Matamis na ngiti ang nakapaskil sa mga labi ng binata. It was a smile full of life and encouragement.

“Sasali ako sa kanila pero dapat samahan mo ako, Leon. Sige na, please?” Dahil sa kakapilit niya ay tumayo na rin ang lalaki para samahan siya. Pagdating sa gitna ay agad siyang pinalibutan ng mga mananayaw at sabay-sabay na pinalakpakan. Dahil ayaw niyang mapahiya, pinag-igihan ni Amber ang pag-indak. Wala siyang pakialam kung tama ba ang pagsayaw niya. Lalong lumakas ang hiwayan at palakpakan ng mga manonood nang humulagpos sa pagkakatali ang mahaba niyang buhok.

Pawisan na siya pero lalo siyang ginanahan sa pagsasayaw nang maramdaman niyang isa-isang nilapitan ang mga kasama niya ng mga kalalakihan at inaabutan ng bulaklak o kaya isisipit iyon sa tainga nito. Nakaramdam siya ng kilig para sa mga ito pero mas nadagdagan iyon nang pag-ikot niya ay may yumakap sa kanya at nilagyan siya ng flower crown sa ulo.

“You’re so sexy.”

Pakiramdam niya ay nakalutang siya sa ere. Mabilis din ang pagtibok ng kanyang puso.

“Axell! A-ano’ng ginagawa mo dito?” Halos magkandautal pa si Amber.

“I’m here to dance with you.” Kasabay niyon ay

naging iba ang tema ng tugtog; naging soft music.

Kinuha ni Axell ang kamay niya at inilagay iyon sa balikat nito. Inilapit niya ang ilong sa bibig ng lalaki para amuyin kung nakainom ba ito dahil kakaiba ang ikinikilos nito. Mabilis ang lalaki kaya agad na naglapat ang mga labi nila.

“I miss you...” walang pakundangang pahayag ng binata.

“A-Axell, okay ka lang? Hindi ka ba nilalagnat? Hindi ka yata hiyang sa klima dito. Bitawan mo na ako, uuwi na kami ni Leon sa hotel.”

Sa halip na bitawan siya ay lalo pa nitong hinigpitan ang pagkakayakap sa kanya.

“Axell, ano ba!”

“I’m sorry. ’Lika na, sabay-sabay na tayong umuwi.” Inakay na siya nito.

Naabutan nila si Leon na nagyoyosi malapit sa kotse na sinakyan nila kanina. Agad nitong binuksan ang passenger side para sa kanya.

“Kayo na diyan ni Axell sa unahan,” tanggi niya.

“I have a car, Amber, sa akin ka na sumabay.”

Hindi na siya umalma pa at sumunod na lang patungo sa sasakyan nito. Sa tono kasi ng boses ng binata, mukhang hindi uubra kung mag-iinarte

pa siya.

Nakarating sila sa hotel nang wala silang imikan. Para sa babae, isang achievement ang manahimik siya nang ganoon katagal.

“What’s your next plan?” Nagulat si Amber nang sumunod sa kanya si Axell sa veranda ng hotel room nila ni Leon.

She shrugged her shoulders. “Umuwi. Wala naman na akong gagawin dito. Nalaman ko na ang totoo, eh.”

“I’m sorry to hear that.”

“Okay lang. Kasalanan ko din naman, eh. Umasa ako, masyadong mataas ang expectation ko na ’yong binuo kong pangarap ay magiging totoo. Hindi ko man lang inisip na baka iba ang tatay ko at hindi iyong mga itinagong litrato ni Nanay.”

“Gusto mo pa rin bang makita ang tunay mong ama?”

“Ipokrita ako kung sasabihin kong ayaw ko na. Pero this time, hindi na ako aasa. Hihintayin ko na lang na ’yong tunay kong ama ang humanap sa akin at magpakilala.”

“Magiging masaya ako kapag nakilala mo na siya, Amber. ’Andito lang ako. Mula ngayon, nandito lang ako para sa ’yo.”

“Mukhang nag-o-offer ka yata ng friendship, ah, dapat may handshake ’yan. Hi, I’m Amber, and you are?” Natatawang inabot niya ang kamay sa lalaki pero nang mapansing seryosong nakatitig ito sa kanya ay agad niyang ibinaba ang palad at itinago iyon sa likuran.

“I’m Axell Ace, and I am offering more than friendship, Amber. Sana tanggapin mo.” Napabuntong-hininga ang lalaki saka ipinatong ang mga kamay sa barandilya at tumingin sa malayo.

Narinig niya ang malalim na buntong-hininga na pinakawalan ng lalaki.

“Matutulog na ako.” Nauna nang tumalikod si Amber at tumuloy na sa kama niya. Hindi niya alam kung sa kuwarto rin nila matutulog si Axell. Agad siyang nagtalukbong ng kumot para itago ang totoong damdamin. Matagal na niyang alam ang tungkol sa kakaibang nararamdaman para kay Axell pero ayaw niyang harapin iyon nang ganito kagulo ang kanyang isip.

Paggising ni Amber kinabukasan, nakita niyang sa lapag natutulog si Axell. Mahimbing ang tulog nito pero hindi niya maiwasang makonsyensya. Ano kaya ang nakain ng lalaki at

hindi na lang bumalik sa hotel kung saan man ito naka-check-in?



“Latang-lata ka yata, ah. Mukhang maraming ipinagawa ang amo mo doon sa lakad n’yo sa Davao,” puna ng nanay niya sa kanya.

“Nay, hindi naman po talaga ako nagpunta sa Davao.”

“Eh, kung gan’on, s’an ka pala nanggaling?”

“Sa Kenya po. Nagbakasakali po akong makikita ko doon ang taong twenty-five years mong ipinagkait sa akin. Sorry, ’Nay, kung nagsinungaling ako sa ’yo. Nang dahil sa kagustuhan kong makilala ang tunay kong ama, maraming bagay akong inilihim sa’yo.” Nag-umpisa na namang mamasa ang mga mata niya.

“Anak ko.” Iyon lamang ang tanging lumabas sa bibig ng ina at mahigpit siyang ikinulong sa mga bisig nito. “Ako ang dapat humingi ng tawad sa ’yo, Amber. Pasensya na kung wala akong lakas ng loob na ipakilala sa ’yo ang tunay mong ama. Napakaduwa ng nanay mo pero hayaan mo, darating ang araw na makikilala mo siya. Hahanapin ko siya para sa ’yo, anak.” Hiram na rin sa luha ang mga mata nito.



“Hindi na kelangan, ’Nay. Dapat kasi noon pa nakuntento na ako sa buhay na tayong dalawa lang. Sorry, kung ipinilit ko ang pangarap na makilala ang ama ko, pero hindi po ibig sabihin n’on ay may pagkukulang kayo. Ikaw pa rin po ang best mother on Earth.”

Nakokonsyensya si Carina kapag nakikitang malungkot ang anak. Kaya naman isang pasya ang nabuo sa kanyang utak. Naghihintay lang siya ng tamang pagkakataon; ilalagay niya sa tama ang lahat.



“Ano ’to?” nagtataakang tanong ni Amber nang iabot sa kanya ni Axell ang pumpon ng red roses. Bigla na lang itong sumulpot sa lobby ng *NGS Building* kanina.

“Flowers.”

“Alam kong bulaklak ’to, Axell! Ang itinatanong ko ay kung bakit binibigyan mo ako nito.”

“Sorry. Mukhang nakalimutan kong itanong kung may magagalit ba kung bibigyan kita niyan-sana wala naman.”

“Axell wait, naguguluhan ako eh, nanliligaw ka ba?” walang pakundangan niyang tanong.

“Uhm... hindi pa ba halata? Puwede ba?” May

pagsusumamo sa boses ng lalaki.

“Akala ko kasi nagbibiro ka lang noong nasa Kenya tayo. Pero... itatanong ko muna sa nanay ko, ha?” Nakita niyang seryosong-seryoso ang mukha ni Axell kaya bigla siyang napahalakhak nang malakas. “Biro lang, ikaw naman. Anyway, thank you dito sa bulaklak. Mukhang mahal ’to. Gumastos ka pa talaga.”

“So ano na? Is it a yes?”

“Anong *yes* ang pinagsasabi mo?” natatawang tanong ni Amber; hindi maitago ang kilig sa boses.

“Tinatanong ko kung puwede ba kitang ligawan.”

“Sige, puwede mo akong ligawan pero sa isang kondisyon: haharanahin mo ako gabi-gabi,” biro niya ulit. Nakakatawa kasi ang hitsura nito kapag nangungunot na ang noo.

“Joke lang ulit.” Pagkatapos nilang mag-dinner, niyaya siya ng lalaki na maglakad-lakad sa bayside.

Nagulat siya nang bigla siyang inakbayan ng lalaki.

“Axell, baka nakakalimutan mong hindi pa kita sinasagot. ’Yong kamay mo, pakialis sa balikat ko.”

“D’on din naman ang punta natin, di ba? At saka ang lamig kaya.”

“Dami mong palusot.”



“Aba! Mukhang masaya ang anak ko, ah. At may dala pang bulaklak. May boyfriend na ba?”

“Nay naman, nanliligaw pa lang po. Nakakaalangan nga po, eh. Mayaman kasi.”

“Sus, kelangan bang ibase ang pag-ibig sa antas ng pamumuhay? Di na ’yan uso ngayon, Amber. Pero ito lang ang sasabihin ko, anak ha, lagi mong iingatan ang sarili mo. Kilalanin mo muna nang maayos ang lalaking iyan. Ayokong matulad ka sa ’kin.”

“Matagal ko na siyang kilala, ’Nay, pati nga family niya. Anak kasi siya ng boss ko,” masayang kuwento niya sa ina.

“Matagal mo na palang kilala, pero ni minsan hindi mo nabanggit ang pangalan ng boss mo.”

“Ah, ano kasi, ’Nay, akala ko kasi hindi yon importante sa inyo.”

“Anong hindi? Siyempre importanteng malaman ko kung sino ang kasa-kasama mo sa araw-araw.”

“ ‘So’ po ang apelyido ng boss ko. Alam n’yo, ’Nay, Chinese yon pero napakagalante at napakabait.”

Dahil sa pagkakarinig ni Carina sa apelyido ng boss ni Amber ay may isang tao na sumagi sa isip nito na parte ng kanyang nakaraan.



Kasalukuyang naghahapunan ang mag-ina nang kapwa sila matigilan pagkarinig ng ingay sa tapat mismo ng bahay nila.

“Mukhang sa gate yata natin ang maingay na ’yan. Teka nga at masilip. May kumakanta nga, anak!” Halos takbuhin ng nanay niya ang gate nila.

Ilang segundo lang ang lumipas ay humahangos na bumalik ang ina. “Amber, tumayo ka diyan at tingnan mo kung kilala mo ang mga nasa labas at mukhang ikaw ang hinaharana,” kinikilig na anito.

*Panalangin ko sa habang buhay makapiling ka...*

Parang gustong lumubog sa lupa ni Amber nang mapagsino ang lalaking kumakanta at naggigitara sa harapan nila. Agad siyang tumakbo patungong gate at pinagbuksan ito.

“Axell, ano’ng ginagawa mo dito?” Gusto niyang takpan ang mukha dahil mahahalata ng lalaki na namumula siya.

“Nandito ako para tuparin ang hiling mo na haranahin kita.”

“Amber! Aba’y papasukin mo ang bisita mo!”

sigaw ng nanay niya.

“Halika. P’asok ka daw s’abi ni Nanay,” yakag niya sa lalaki. Bigla namang nagsitalikuran ang mga alipores nito na hindi niya alam kung saan nito nadampot.

“Magandang gabi ho.” Sabay abot ng binata sa kamay ng kanyang ina.

“Halika, hijo, at sumabay ka na sa amin. Kakaumpisa pa lang naming maghapunan ni Amber.” Lumapit ang nanay niya sa lagayan ng mga plato at kumuha ng para sa lalaki. Inabot nito iyon sa bisita na prenteng nakaupo sa tabi niya.

“Ako na.” Inagaw niya kay Axell ang serving spoon at siya na ang nagsandok ng pagkain para sa lalaki.

“Thank you,” halos pabulong na wika ng lalaki. Matipid niya itong nginitian.

“Alam mo, parang nakita na kita, eh. Familiar ’yang mukha mo sa akin. Pero hayaan na natin, baka isa ka sa mga customers ko ng kakanin.”

“Baka nga po,” sagot ng binata.

Pagkatapos nilang kumain ay niyaya niya ang lalaki na tumambay sa sala. Ang kanyang ina naman ay nagpaalam na papasok na sa kuwarto nito.

“Tinutoo mo talaga ’yong sinabi kong haranahin mo ako ’no? In fairness, maganda ang boses.”

Yumukod ang lalaki sa kanya na namumula ang mga pisngi.

“Hindi ikaw ang pinupuri ko, Mr. So, ’yong mga kasama mo ang tinutukoy ko na magaganda ang boses. Pero siyempre salamat sa effort mo.”

“Thank you for the appreciation, Amber, at saka salamat sa masarap na dinner. You know, the last time na nakatikim ako ng masarap na lutong-bahay ay noong nabubuhay pa si Mama. Nami-miss ko ’yong kumpleto sa hapag-kainan.”

“Buti ka pa nga naranasan mo kahit papaano ang makumpleto kayo sa hapag.”

“I’m sorry, Amber, sana pala hindi ko na binanggit ang tungkol dito. Anyway, birthday ng Lola sa susunod na araw, it’s going to be a simple family gathering kaya tayo-tayo lang at ilang malalapit na kamag-anak ang invited.”

“Eh, bakit imbitado ako? Hindi n’yo naman ako kamag-anak?”

“Papa insisted na imbitahan ka, and of course, gusto ko din naman na nandoon ka. Naunahan niya lang ako. You can come with Tita Carina.”

Nababanaag niya ang excitement sa mga mata ng lalaki kaya hindi niya ito magawang tanggihan.

“Sige, pupunta kami.”

“I’ll fetch you around seven in the evening para hindi na kayo mahirapang mag-commute.”

“Huwag na. Para namang hindi kami sanay ni Nanay mag-commute niyan. Maaabala ka pa.”

“I insist, Amber. Gusto ko lang na safe kayong makarating, okay?”

Sumimangot siya kunwari. “Well, mukhang talo na ako.”

Ilang minuto pa itong nagtagal sa bahay nila, hanggang sa tumayo na ang lalaki at nagpaalam. “Pakisabi na lang kay Tita na umalis na ako.”

“Okay. Ingat ka.” Bigla itong bumaling sa kanya at mabilis na dinampian ng halik ang kanyang pisngi. Biglang nagwala ang tibok ng puso niya. Hindi niya inaasahan iyon.

Tuluyan nang lumabas ng gate ang lalaki.

Nakangiti siya habang papasok ng kanyang kuwarto habang dinadama pa rin ang dampi ng mga labi ng binata sa kanyang pisngi.

Halos kahihiga lang niya nang marinig niyang tumunog ang kanyang cellphone.

*‘Goodnight, Amber.’*

---

Lalong kinilig ang dalaga pagkabasa sa message ng binata.